



Treaty Series No. 7 (1981)

Agreement

between the Government of the United Kingdom of Great Britain and Northern Ireland and the Republic of the Philippines for the Promotion and Protection of Investments

London, 3 December 1980

[The Agreement entered into force on 2 January 1981]

*Presented to Parliament
by the Secretary of State for Foreign and Commonwealth Affairs
by Command of Her Majesty
February 1981*

LONDON

HER MAJESTY'S STATIONERY OFFICE

£1·70 net

AGREEMENT
BETWEEN THE GOVERNMENT OF THE UNITED KINGDOM
OF GREAT BRITAIN AND NORTHERN IRELAND AND THE
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES FOR THE PROMOTION
AND PROTECTION OF INVESTMENTS

The Government of the United Kingdom of Great Britain and Northern Ireland and the Government of the Republic of the Philippines, hereinafter referred to as the Contracting Parties;

Taking note of their existing friendly relations;

Desiring to create favourable conditions for greater investment by nationals and companies of one Contracting Party in the territory of the other Contracting Party, and to increase prosperity in their respective territories;

Recognising that agreement on the promotion and protection of such investment will contribute to the furtherance of such purposes;

Have agreed as follows:

ARTICLE I

For the purposes of this Agreement:

1. (a) The term " Republic of the Philippines " shall refer to the entity as constituted at present, whose territory is that defined in this Article.
(b) The term " United Kingdom of Great Britain and Northern Ireland " shall refer to the entity as constituted at present, whose territory is that defined in this Article.
2. The term " territory " means:
 - (a) In respect of the Republic of the Philippines, the territory defined in Article I of its Constitution.
 - (b) In respect of the United Kingdom of Great Britain and Northern Ireland, the territory of Great Britain and Northern Ireland, and those territories for whose international relations the Government of the United Kingdom are responsible and with respect to which the Contracting Parties agree to extend the provisions of this Agreement by an exchange of notes.
3. The term " nationals " shall mean:
 - (a) In respect of the Republic of the Philippines, its citizens within the meaning of Article III of its Constitution.
 - (b) In respect of the United Kingdom of Great Britain and Northern Ireland, any citizen of the United Kingdom and Colonies, and any British subject not possessing that citizenship or the citizenship of any other Commonwealth country or territory, provided that in every case he has the right of abode in the United Kingdom.
4. The term " company " of a Contracting Party shall mean a corporation, partnership or other association, incorporated or constituted and

actually doing business under the laws in force in any part of the territory of that Contracting Party wherein a place of effective management is situated.

Provided that any particular company may be excluded from the foregoing definition by mutual agreement between the Contracting Parties on the grounds of the need to maintain public order, to protect essential security interests or to fulfil commitments relating to international peace and security.

5. The term "investment" shall mean every kind of asset and in particular, though not exclusively, includes:
 - (i) movable and immovable property and any other property rights such as mortgages, liens and pledges;
 - (ii) shares, stocks and debentures of companies or interests in the property of such companies;
 - (iii) claims to money or to any performance under contract having a financial value;
 - (iv) intellectual property rights and goodwill;
 - (v) business concessions conferred by law or under contract.
6. The term "earnings" shall mean amounts yielded by an investment, particularly, though not exclusively, profits, interest, capital gains, dividends, royalties or fees.

ARTICLE II

1. This Agreement shall apply only to investments brought into, derived from or directly connected with investments brought into the territory of one Contracting Party by nationals or companies of the other Contracting Party which are qualified for registration and are duly registered by the appropriate government agency of the receiving Contracting Party, if so required by its laws.

2. This Agreement shall not affect the rights and obligations of the Contracting Parties with respect to investments which under the provisions of paragraph 1 are not within the scope of the Agreement.

ARTICLE III

1. Each Contracting Party shall encourage and create favourable conditions for investments, consistent with its national objectives, by companies or nationals of the other Contracting Party, subject to the laws and regulations of the Party in whose territory the investment is made, including rules on registration and valuation of such investments, if any.

2. Investments of nationals or companies of either Contracting Party shall at all times be accorded fair and equitable treatment and shall enjoy full protection and security in the territory of the other Contracting Party.

3. Each Contracting Party shall observe any obligation arising from a particular commitment it may have entered into with regard to a specific investment of nationals or companies of the other Contracting Party.

ARTICLE IV

1. Each Contracting Party shall extend to investments in its territory of companies or nationals of the other Contracting Party treatment no less favourable than that granted to nationals and companies of any third state.

2. Each Contracting Party shall not subject nationals or companies of the other Contracting Party in its territory, as regards their management, use, enjoyment, or disposal of their investments, to unreasonable measures or treatment less favourable than that which it accords to nationals or companies of any third state.

3. The provisions of this Agreement relative to the grant of treatment not less favourable than that accorded to the nationals or companies of any third state shall not be construed as to oblige one Contracting Party to extend to the nationals or companies of the other the benefit of any treatment, preference or privilege resulting from:

- (a) any existing or future customs union, common market, free trade area, or regional economic organisation of which either Contracting Party is or may become a member, or
- (b) any international agreement or arrangement relating wholly or mainly to taxation or any domestic legislation relating wholly or mainly to taxation.

ARTICLE V

1. Investments of nationals or companies of either Contracting Party shall not be subject to expropriation or nationalisation or any measure equivalent thereto (in this article referred to as "expropriation"), except for public use, in the public interest, or in the interest of national defence and upon payment of just compensation. Such compensation shall amount to the market value of the investments expropriated, or, in the absence of a determinable market value, the actual loss sustained, on or immediately before the date of expropriation. The compensation shall be made without undue delay, shall be effectively realisable and, subject to the provisions of paragraph 3 of Article VII, shall be freely transferable. The national or company affected shall have a right, under the law of the Contracting Party making the expropriation, to prompt review by a judicial body, or, if such exists, by other independent authority of that Party of his or its case and of the valuation of his or its investment in accordance with the principles set out in this paragraph.

2. Where a Contracting Party expropriates the assets of a company which is incorporated or constituted under the law in force in any part of its territory, and in which nationals or companies of the other Contracting Party own shares, it shall apply the provisions of paragraph 1 of this Article so as to ensure the compensation provided for in that paragraph to such nationals or companies to the extent of their interest in the assets expropriated.

ARTICLE VI

If a Contracting Party makes restitution, indemnification, compensation or other settlement for losses suffered owing to war or other armed conflicts,

revolution, a state of national emergency, revolt, insurrection or riot in the territory of such Contracting Party, it shall accord to the nationals or companies of the other Contracting Party whose investments in the territory of the Contracting Party have suffered such losses, treatment no less favourable than that which the Contracting Party shall accord to companies or to nationals of any third state.

ARTICLE VII

1. Each Contracting Party shall in respect of investments permit nationals or companies of the other Contracting Party the free transfer of their capital and of the earnings from it, subject to the right of the former Contracting Party to impose equitably and in good faith such measures as may be necessary to safeguard the integrity and independence of its currency, its external financial position and balance of payments, consistent with its rights and obligations as a member of the International Monetary Fund.

2. The exchange rate applicable to such transfer shall be the rate of exchange prevailing at the time of remittance.

3. In cases where large amounts of compensation have been paid in pursuance of Article V the Contracting Party concerned may require the transfer thereof to be effected in reasonable instalments.

ARTICLE VIII

1. If either Contracting Party makes payment under an insurance or guarantee agreement with its own nationals or companies in respect of an investment or any part thereof in the territory of the other Contracting Party, the latter Contracting Party shall recognise the assignment of any right or claim arising from the indemnity paid, by the party indemnified to the former Contracting Party, and that the former Contracting Party is entitled by virtue of subrogation to exercise the rights and assert the claims of such nationals or companies. This does not necessarily imply, however, a recognition on the part of the latter Contracting Party of the merits of any case or the amount of any claim arising therefrom.

2. If the former Contracting Party acquires amounts in the lawful currency of the other Contracting Party or credits thereof by assignment under the terms of an indemnity, the former Contracting Party shall be accorded in respect thereof treatment not less favourable than that accorded to the funds of a private investor deriving from activities and transactions similar to those in which the party indemnified was engaged but subject to those limitations or conditions, if any, that are applicable to the party indemnified. Such amounts and credits shall be freely available to the former Contracting Party concerned for the purpose of meeting its official expenditure in the territory of the other Contracting Party.

ARTICLE IX

The Contracting Parties agree to consult each other at the request of either Party on any matter relating to investments between the two countries, or otherwise affecting the implementation of this Agreement.

ARTICLE X

1. The Contracting Party in the territory of which a national or company of the other Contracting Party makes or intends to make an investment shall assent to any request on the part of such national or company to submit, for conciliation or arbitration, to the Centre established by the Convention on the Settlement of Investment Disputes between States and Nationals of Other States opened for signature at Washington on 18 March 1965⁽¹⁾ any dispute that may arise in connection with the investment.

2. A company which is incorporated or constituted under the law in force in the territory of one Contracting Party and in which before such a dispute arises the majority of shares are owned by nationals or companies of the other Contracting Party shall in accordance with Article 25 (2) (b) of the Convention be treated for the purposes of the Convention as a company of the other Contracting Party.

ARTICLE XI

1. Any dispute between the Contracting Parties as to the interpretation or application of the present Agreement, not satisfactorily resolved through diplomatic channels or other amicable means, shall be submitted, at the request of either Party to a panel of arbitrators for decision in accordance with the provisions of this Agreement and the applicable principles in international law.

2. The panel shall be composed of three members, one selected by each Party within one month of receipt of the request for arbitration, and the third to be chosen by the members thus selected by the Parties within two months from the designation of the second member.

3. If within the periods specified in paragraph 2 of this Article the necessary appointments have not been made, either Contracting Party may, in the absence of any other agreement, invite the Secretary-General of the United Nations to make any necessary appointments. If the Secretary-General is a national of either Contracting Party or if he is otherwise prevented from discharging the said function, the President of the International Court of Justice shall be invited to make the necessary appointments. If the President is a national of either Contracting Party or if he too is prevented from discharging the said function, the Vice-President or the member of the International Court of Justice next in seniority who is not a national of either Contracting Party shall be invited to make the necessary appointments.

4. The panel of arbitrators shall reach its decision by a majority of votes. Such decision shall be binding on both Contracting Parties. The panel shall determine its own procedure.

(1) Treaty Series 25 (1967) Cmnd. 3255.

5. Each Contracting Party shall bear the cost of its own member of the panel and of its representation in the arbitral proceedings; the cost of the Chairman and the remaining costs shall be borne in equal parts by the Contracting Parties.

ARTICLE XII

1. This Agreement shall enter into force on the 30th day following its signature.⁽²⁾

2. This Agreement shall remain in force for a period of ten years from its entry into force and shall thereafter continue in force unless terminated by either Contracting Party by not less than six months' written notice through diplomatic channels; provided that in respect of investments made whilst the Agreement is in force, its provisions shall continue in effect with respect to such investments for a period of ten years after the date of termination and without prejudice to the application thereafter of the rules of general international law.

In witness whereof the undersigned, duly authorised thereto by their respective Governments, have signed this Agreement.

Done at London this 3rd day of December 1980 in two original copies, each in the English and Pilipino languages, each text being equally authentic.

For the Government of the United Kingdom of Great Britain and Northern Ireland:

P. A. R. BLAKER

For the Government of the Republic of the Philippines:

CESAR VIRATA

⁽²⁾ 2 January 1981.

KASUNDUAN
NG PAMAHALAAN NG UNITED KINGDOM NG GREAT BRITAIN
AT NORTHERN IRELAND AT NG PAMAHALAAN NG REPUBLIKA
NG PILIPINAS SA PAGTATAGUYOD AT PANGANGALAGA
NG PAMUMUHUNAN

Ang Pamahalaan ng United Kingdom ng Great Britain at Northern Ireland at ang Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas, na dito'y tutukuying Mga Nakikipagkasundong Panig;

Sa pagsasaalang-alang sa kanilang umiiral na mabuting ugnayan;

Sa pagnanasang lumikha ng mainam na kalagayan ukol sa dagdag na pamumuhunan ng mga mamamayan at kompanya ng isang Nakikipagkasundong Panig sa teritoryo ng kabilang Nakikipagkasundong Panig, at mapabilis ang kaunlaran sa kani-kanilang teritoryo;

Sa pagkaunawa na makatutulong sa katuparan ng mga layuning iyon ang kasunduan ukol sa pagtataguyod at pangangalaga ng gayong pamumuhunan;

Ay nagkasundo sa mga sumusunod:

ARTIKULO I

Ukol sa mga layunin ng Kasunduang ito:

1. (a) Ang katawagang "Republika ng Pilipinas" ay tumutukoy sa entidad na nakatatag sa kasalukuyan, na ang teritoryo ay yaong nakatakda sa Artikulong ito.
(b) Ang katawagang "United Kingdom ng Great Britain at Northern Ireland" ay tumutukoy sa entidad na nakatatag sa kasalukuyan, na ang teritoryo ay yaong nakatakda sa Artikulong ito.
2. Ang katawagang "teritoryo" ay nangangahulugang:
(a) Hinggil sa Republika ng Pilipinas, ang teritoryong itinatakda sa Artikulo I ng Saligang-Batas nito.
(b) Hinggil sa United Kingdom ng Great Britain at Northern Ireland, ang teritoryo ng Great Britain at Northern Ireland, at yaong mga teritoryong sa pakikipag-ugnayang pandaigdig ay pananagutan ng Pamahalaan ng United Kingdom at hinggil dito'y nagkakasundo ang mga Nakikipagkasundong Panig na palawakin ang mga tadhana ng kasunduang ito sa pamamagitan ng palitan ng mga kalatas.
3. Ang katawagang "mga mamamayan" ay mangangahulugang:
(a) Hinggil sa Republika ng Pilipinas, ang mga mamamayan nito alinsunod sa kahulugan ng Artikulo III ng Saligang-Batas nito.
(b) Hinggil sa United Kingdom ng Great Britain at Northern Ireland, ang sino mang mamamayan ng United Kingdom at mga Kolonya nito, at sino mang sakop ng kapangyarihang British na hindi nagtaglay ng pagkamamamayan niyon o ng pagkamamamayan ng alinmang ibang bansa o teritoryong Komonwelt, sa pasubali, gayunman, na may karapatan siyang manirahan sa United Kingdom.

4. Ang katawagang “ kompanya ” ng isang Nakikipagkasundong Panig ay mangangahulugang isang korporasyon, partnership o iba pang asosasyon na ingkorporetyed o tinatag at aktwal na nakikipagkalakalan alinsunod sa mga batas na umiiral sa alinmang panig ng teritoryo ng Nakikipagkasundong Panig na iyon na may ganapan ng mabisang pangangasiwa.
Sa pasubali na alinmang partikular na kompanya ay maaaring di isama sa sinundang pakahulugan sa pagsang-ayon kapwa ng mga Nakikipagkasundong Panig sa kadahilanang kailangang panatilihin ang kaayusang pambayan, pangalagaan ang mga pangunahing kapakanang pangkaligtasan o tuparin ang mga kapangakuang may kinalaman sa kapayapaan at kaligtasang pandaigdig.
5. Ang katawagang “ pamumuhunan ” ay mangangahulugang lahat ng uri ng ari-arian at kinabibilangan higit sa lahat, bagaman hindi natatangi, ng:
 - 1) Natitinag at di-natitinag na ari-arian at ano mang karapatan sa ari-arian gaya ng sangla, panagot at prenda;
 - 2) Sosyo, sapi at “ debenture ” ng kompanya o kaparte sa ari-arian ng mga kompanyang iyon;
 - 3) Pag-aangkin ng salapi o ano mang nakakontratang gawain na may katumbas na halaga;
 - 4) Karapatan at kapakinabangan sa ari-ariang intelektwal;
 - 5) Konsesyong pangkalakal na kaloob ng batas o batay sa kontrata.
6. Ang katawagang “ kinita ” ay mangangahulugang ang halagang bunga ng isang pamumuhunan, higit sa lahat, bagaman hindi matatangi, ang mga tubo, interes, pakinabang sa puhunan, dibidendo, royalti o butaw.

ARTIKULO II

1. Ang kasunduang ito ay mauukol lamang sa mga pamumuhunang ipinasok sa teritoryo ng isang Nakikipagkasundong Panig ng mga mamamayan o kompanya ng kabilang Nakikipagkasundong Panig na kwalipikadong irehistro at inirehistro gaya ng nararapat na kinauukulang tanggapan ng pamahalaan ng tumatanggap na Nakikipagkasundong Panig, kung itinatakda ng mga batas nito.

2. Ang Kasunduang ito ay hindi makaaapekto sa mga karapatan at panagutan ng mga Nakikipagkasundong Panig hinggil sa mga pamumuhunang hindi saklaw ng Kasunduan batay sa mga tadhana ng talataan.

ARTIKULO III

1. Hihikayatin at lilikha ang bawat Nakikipagkasundong Panig ayon sa mga pambansang tunguhin nitong mainam na mga kalagayan ukol sa pamumuhunan ng mga kompanya o mamamayan ng kabilang Nakikipagkasundong Panig, alinsunod sa mga batas at alituntunin ng Panig na sa Teritoryo nito ginawa ang pamumuhunan, kabilang ang mga patakaran sa pagrerehistro at paghahalaga sa gayong pamumuhunan, kung mayroon.

2. Ang mga pamumuhunan ng mga mamamayan o kompanya ng alinmang Nakikipagkasundong Panig ay pag-uukulan tuwina ng makatarungan at pantay na pagtuturing at magtatamasa ng lubusang pangangalaga at kaligtasan sa teritoryo ng kabilang Nakikipagkasundong Panig.

3. Ang bawat Nakikipagkasundong Panig ay tutupad sa ano mang pananagutang umusbong mula sa isang natatanging kapangakuan nito hinggil sa isang tiyak na pamumuhunan ng mga mamamayan o kompanya ng kabilang Nakikipagkasundong Panig.

ARTIKULO IV

1. Ang bawat Nakikipagkasundong Panig ay mag-uukol sa mga pamumuhunan sa teritoryo nito ng mga kompanya o mamamayan ng kabilang Nakikipagkasundong Panig ng pagtuturing na hindi mababa kaysa ipinagkakaloob sa mga mamamayan at kompanya ng alinmang ibang bansa.

2. Hindi lalapatan ng bawat Nakikipagkasundong Panig ang mga mamamayan o kompanya ng kabilang Nakikipagkasundong Panig sa teritoryo nito, kaugnay sa pamamahala, paggamit, pagtatamasa, o pamamahagi nila ng kanilang pamumuhunan, ng di-makatwirang mga hakbang o pagtuturing na mababa kaysa inuukol sa mga mamamayan o kompanya ng alinmang ibang bansa.

3. Ang mga tadhana ng Kasunduang ito hinggil sa pag-uukol ng pagtuturing na hindi mababa kaysa ipinagkakaloob sa mga mamamayan o kompanya ng alinmang ibang bansa ay hindi ipapakahulugang pumipilit sa isang Nakikipagkasundong Panig na mag-uukol sa mga mamamayan o kompanya ng kabila ng kalamangan sa alinmang pagtuturing, pagtatangi o pribilehiyo bunga ng:

(a) alinmang umiiral o mabubuon unyon sa adwana, pamilihing panlahat, malayang purok kalakalan, o panrehiyong organisasyong pangkabuhayan na kasapi o magiging kasapi ang alinmang Nakikipagkasundong Panig, o

(b) alinmang pandaigdig na kasunduan o pakikipag-ayos na lubusan o pangunahing nauukol sa pagbubuwis o alinmang batas panloob o pangunahing nauukol sa pagbubuwis.

ARTIKULO V

1. Ang mga pamumuhunan ng mga mamamayan o kompanya ng alinmang Nakikipagkasundong Panig ay hindi sasailalim sa ekspropresyon o nasyonalisasyon o ano mang hakbang na katumbas nito (sa artikulong ito'y tutukuying "ekspropresyon"), matangi sa gamit pambayan, sa kapakanang pambayan, o sa kapakanan ng tanggulang bansa at sa pagbabayad ng nararapat na kompensasyon. Ang ganitong kabayaran ay dapat na katumbas ng halaga sa pamilihan ng inekspropreyt na pamumuhunan, o kung hindi matitiyak ang halaga sa pamilihan, ng aktwal na tinamong kalugihan, sa petsa o kagyat bago sumapit ang petsa ng ekspropresyon, mabisang mapakikinabangan at malayang maililipat, batay sa mga tadhana ng talataan ng Artikulo VII. Ang apektadong mamamayan o kompanya ay may karapatan, alinsunod sa batas ng Nakikipagkasundong Panig na nagsasagawa ng ekspropresyon, sa madaling pagsusuring

muli sa isang kalupang panghukuman, o kung mayroon nito, ng iba pang nagsasariling awtoridad ng Panig na iyon. Sa kaso nito at ng paghahalaga sa pamumuhunan nito alinsunod sa mga panuntunang itinatakda sa talataang ito.

2. Kapag inekspropriet ng isang Nakikipagkasundong Panig ang mga ari-arian ng isang kompanya na ingkorporeyted o itinatag alinsunod sa batas na umiiral sa alinmang panig ng teritoryo nito, at dito'y may sosyo ang mga mamamayan o kompanya ng kabilang Nakikipagkasundong Panig, pahiralin nito ang mga tadhana ng talataan ng Artikulong ito upang matiyak ang kabayaranang itinatakda sa talataang iyon sa mga mamamayan o kompanyang iyon sa abot ng kanilang puhunan sa inekspropriasyon na mga ari-arian.

ARTIKULO VI

Kapag ang isang Nakikipagkasundong Panig ay nagbigay ng restitusion, indemnasyon, kompensasyon o iba pang kabayaran ukol sa mga kalugihang bunga ng digmaan o iba pang labanan, himagsikan, pambansang kagipitan, pag-aalsa, insureksiyon o kaguluhan sa teritoryo ng Nakikipagkasundong Panig na iyon, mag-uukol ito sa mga mamamayan o kompanya ng kabilang Nakikipagkasundong Panig na nalugi nang gayon ang mga pamumuhunan sa teritoryo ng Nakikipagkasundong Panig ng pagtuturing na hindi mababa kaysa inuukol ng Nakikipagkasundong Panig sa mga kompanya o mamamayan ng alinmang ibang bansa.

ARTIKULO VII

1. Ang bawat Nakikipagkasundong Panig, kaugnay sa mga pamumuhunan, ay magpapahintulot sa mga mamamayan o kompanya ng kabilang Nakikipagkasundong Panig ng malayang paglilipat ng kanilang puhunan at mga kinita mula rito, batay sa karapatan ng unang Nakikipagkasundong Panig na maglapat, nang karampatan at walang masamang layunin, ng mga hakbang na maaaring kailanganin upang mapangalagaan ang kaganapan at kasarinan ng salapi nito, nang naaayon sa mga karapatan at pananagutan nito bilang isang miyembro ng International Monetary Fund.

2. Ang iiral na palitang halaga sa gayong paglilipat ay ang halaga ng palitan na umiiral sa panahon ng paglilipat.

3. Sakaling malaking halaga ang ibinayad na kompensasyon alinsunod sa Artikulo V, maaaring hilingin ng kinauukulang Nakikipagkasundong Panig na ang paglilipat nito ay isagawa sa katamtamang hulog.

ARTIKULO VIII

1. Kapag nagsasagawa ng pagbabayad ang alinmang Nakikipagkasundong Panig batay sa isang kasunduan sa seguro o panagot sa sarili nitong mga mamamayan o kompanya hinggil sa isang pamumuhunan o ano mang bahagi nito sa teritoryo ng kabilang Nakikipagkasundong Panig, kikilalanin ng huling Nakikipagkasundong Panig ang pagtatalaga ng ano mang karapatan o paghahabol na bunga ng ibinayad na indemnasyon, ng panig na ang unang

Nakikipagkasundong Panig, at may karapatan gamitin ang mga karapatan at paninindigan ang mga paghahabol ng mga mamamayan o kompanyang iyon. Gayunma'y hindi ito tiyak na nangangahulugang tinatanggap ng huling Nakikipagkasundong Panig ang mga merito ng ano mang kaso o ang halaga ng ano mang paghahabol bunga nito.

2. Kapag nakaipon ng halaga ang unang Nakikipagkasundong Panig sa salaping itinutulot ng batas ng kabilang Nakikipagkasundong Panig o pautang bukod doon sa pagkakatalaga batay sa mga tadhana ng isang indemnisasyon, ang unang Nakikipagkasundong Panig ay pag-uukulan kaugnay doon ng pagtuturing na hindi mababa kaysa inuukol sa mga pondo ng isang pribadong namumuhunan na nanggaling sa mga gawain at transaksyon na katulad sa mga ginagawa ng binayarang panig subalit nababatay sa mga Katakdaan o kondisyon, kung mayroon, na mapaiiral sa binayarang panig. Ang mga halaga at pautang na ito ay maluwag na makukuha ng kinaaukulang unang Nakikipagkasundong Panig sa layuning matugunan ang mga opisyal na gugulin nito sa teritoryo ng kabilang Nakikipagkasundong Panig.

ARTIKULO IX

Nagkakasundo ang mga Nakikipagkasundong Panig na sumangguni sa isa't isa sa kahilingan ng alinmang Panig tungkol sa ano mang bagay na may kinalaman sa mga pamumuhunan ng dalawang bansa, o dili kaya'y hinggil sa implementasyon ng Kasunduang ito.

ARTIKULO X

1. Ang Nakikipagkasundong Panig sa teritoryo na namuhunan o balak mamuhunan ng isang mamamayan o kompanya ng kabilang Nakikipagkasundong Panig ay sasang-ayon sa ano mang kahilingan ng mamamayan o kompanyang iyon na iharap, para ayusin o pamagitan, sa Sentro na itinatag ng Kombensiyon ukol sa Pag-aayos ng mga Hidwaan sa Pamumuhunan ng mga Estado at Mamamayan ng Ibang Estado na pinaglagdaan sa Washington noong 18 Marso 1965 ang ano mang hidwaan na uusbong kaugnay sa pamumuhunan.

2. Ang isang kompanya na ingkorporeyted o itinatag alinsunod sa batas na umiiral sa teritoryo ng isang Nakikipagkasundong Panig at karamihan ng sosyo rito bago maganap ang hidwaang iyon ay pag-aari ng mga mamamayan o kompanya ng kabilang Nakikipagkasundong Panig ay ituturing, alinsunod sa Artikulong 25 (2) (b) ng Kombensiyon, ukol sa mga layunin ng Kombensiyon bilang isang kompanya ng Kabilang Nakikipagkasundong Panig.

ARTIKULO XI

1. Ang ano mang hidwaan ng mga Nakikipagkasundong Panig hinggil sa pagpapakahulugan o pagpapatupad sa Kasunduang ito, na hindi kasiya-siyang nalutas sa pamamagitan ng kaparaanang diplomatiko o iba pang matiwasay

na paraan ay ihaharap, sa kahilingan ng alinmang Panig, sa isang pangkat ng mga arbitrador para pagpasiyahan alinsunod sa mga tadhana ng Kasunduang ito at sa mapairal na mga tuntunin ng batas pandaigdig.

2. Ang pangkat ay bubuuin ng tatlong kagawad, bawat Panig ay pipili ng isa sa loob ng isang buwan pagkatanggap sa kahilingan ukol sa arbitrasyon, at ang pangatlo'y pipiliin ng mga kagawad na pinili ng mga Panig sa loob ng dalawang (2) buwan pagkapili sa pangalawang kagawad.

3. Kapag sa loob ng taning na panahong itinatakda sa talataan ng Artikulong ito ay hindi nagawa ang kaukulang pagpili, ang alinmang Nakikipagkasundong Panig, sa kawalan ng iba pang kasunduan, ay maaaring humiling sa Sekretaryo-Heneral ng Mga Bansang Magkakaanib na gawain ang ano mang kaukulang pagpili. Kung ang Pangulo ay isang mamamayan ng alinmang Nakikipagkasundong Panig o hindi rin niya magagampanan ang naturang tungkulin, ang Pangulo ng International Court of Justice ay hihilinging gumawa ng kaukulang pagpili. Kung ang Pangulo ay isang mamamayan ng alinmang Nakikipagkasundong Panig o hindi rin niya magagampanan ang naturang tungkulin, ang Pangalawang Pangulo o ang kagawad ng International Court of Justice na may kasunod na katungkulan na hindi isang mamamayan ng alinmang Nakikipagkasundong Panig ay hihilinging gumawa ng kaukulang pagpili.

4. Magpapasiya ang pangkat ng arbitrador sa pamamagitan ng nakararaming boto. Ang kapasiyahang iyon ay iiral sa kapwa Nakikipagkasundong Panig. Itatakda ng pangkat ang sarili nitong pamamaraan.

5. Sasagutin ng bawat Nakikipagkasundong Panig ang gugol ng sariling kagawad nito sa pangkat at ang pangkatawan nito sa mga pagdinig sa arbitrasyon; ang gugol ng Tagapangulo at ang natitirang gugulin ay paghahatian ng mga Nakikipagkasundong Panig.

ARTIKULO XII

1. Magkakabisa ang Kasunduang ito sa ika-tatlumpung (30) araw kasunod ng pagkalagda nito.

2. Mananatiling umiiral ang Kasunduang ito sa loob ng sampung taon mula sa pagkakabisa nito at pagkaraan niyo'y patuloy na iiral maliban kung wakasan ng alinmang Nakikipagkasundong Panig sa pamamagitan ng nakasulat na patalastas na hindi aaga sa anim na buwan sa kaparaanang diplomatiko: sa pasubali na hinggil sa mga pamumuhunang ginawa habang umiiral ang Kasunduan, patuloy na iiral ang mga tadhana nito ukol sa mga pamumuhunang iyon sa loob ng sampung taon pagkalipas ng petsa ng pagwawakas at hindi makapipigil sa pagpapairal pagkaraan niyon ng mga alituntunin ng pangalahatang batas pandaigdig.

Bilang patunay nito, ang mga sugo rito na binigyan ng kapangyarihan gaya ng nararapat ng kani-kanilang Pamahalaan, ay lumagda sa Kasunduang ito.

Ginawa sa London ngayong ika- 3 araw ng December 1980 sa dalawang orihinal na sipi, bawat isa'y sa wikang Ingles at Pilipino, na parehong mapananaligan ang bawat teksto.

Para sa Pamahalaan ng United Kingdom ng Great Britain at Northern Ireland:

P. A. R. BLAKER

Para sa Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas:

CESAR VIRATA

HER MAJESTY'S STATIONERY OFFICE

Government Bookshops

49 High Holborn, London WC1V 6HB
13a Castle Street, Edinburgh EH2 3AR
41 The Hayes, Cardiff CF1 1JW
Brazennose Street, Manchester M60 8AS
Southey House, Wine Street, Bristol BS1 2BQ
258 Broad Street, Birmingham B1 2HE
80 Chichester Street, Belfast BT1 4JY

*Government publications are also available
through booksellers*